


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

4

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 7

## Pagpapahalaga ng Mamamayan sa Pagataguyod ng Pambansang Kaunlaran



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________

**Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang**
**School Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ika-apat na Markahan – Modyul 7: Pagpapahalaga ng Mamamayan sa Pagataguyod ng Pambansang Kaunlaran**
**Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga mayakda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Josephine F. Bagarinao
**Editor:** Jonathan C. Lumacang
**Tagasuri:** Jonathan C. Lumacang at Vilma S. Velasco
**Tagalapat:** Dave D. Cubero
**Tagapamahala:** Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI- Schools Division Superintendent
Lourma I. Poculan - Asst. Schools Division Superintendent
Amelinda D. Montero - Chief Education Supervisor, CID
Nur N. Hussien - Chief, Education Supervisor SGOD
Monina R. Antiquina - Education Program Supervisor- AP
Arsenia C. Zamoras - Public Schools District Supervisor
Ronillo S. Yarag - Education Program Supervisor, LRMS
Leo Martinno O. Alejo - Project Development Officer II, LRMS

**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065)212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph



## *Alamin*

Ang modyul na ito ay binuo at isinulat para sa inyo. Layunin nitong matulungan ka upang malaman mo kung paano pa ba maitataguyod ng mamamayan ang kaunlaran ng bayan, ano-ano ang bahaging ginagampanan ng mamamayan upang umunlad ang bansa.

Pagkatapos mapag–aralan ang modyul na ito,inaasahang ikaw ay:
Makasusuri ang bahaging ginagampanan ng mga mamamayan sa pagtaguyod ngkaunlaran ng bansa.



## *Balikan*

Panuto: Basahin ang mga sumusunod. Isulat ang titik ng tamang sagot.
Pagsasagawa ng paligsahan sa pagpipinta ng mga batang lansangan.

A. Kalikasan

B. Kalusugan

C. Edukasyon

D. Pampalakasan

2. Pagsasagawa ng libreng operasyon para sa mga may biyak na labi.

A. Kalikasan

B. Kalusugan

C. Edukasyon

D. Pampalakasan

3. Pagbubuo ng liga para sa palaro sa inyong barangay.

A. Kalikasan

B. Kalusugan

C. Edukasyon

D. Pampalakasan

4. Pagsama sa pagtatanim ng maliliit na puno sa Sierra Madre.

A. Kalikasan

B. Kalusugan

C. Edukasyon

D. Pampalakasan

5. Pagpunta sa komunidad ng mga Mangyan upang maranasan ang pangaraw-araw nilang pamumuhay at makatulong sa kanila.

A. Kalikasan

B. Kalusugan

C. Edukasyon

D. Pampalakasan



## *Tuklasin*

A.



source: google

B.



source: google

C.



source:google

D.



source:google

**Mga tanong:**

1. Alin sa mga larawan ang nagpapakita ng kaunlaran  o hindi?

2. Bakit mo nasabi na ito?

| Aralin 7 | Pagpapahalaga ng Mamamayan sa Pagtataguyod ng Pambansang Kaunlarin |
| --- | --- |



## *Suriin*

Ano –ano ang katangian ng isang maunlad na bansa? Paano maita-taguyod ng mga mamamayan ang kaunlaran ng bansa?

Ang kaunlaran ng bansa ay nakabatay sa kasaganaan ng mga mama-mayang bumubuo nito. Itinuturing na maunlad ang isang bansa kung pantay-pantay ang pagturing sa mamamayan at maayos ang pagpapatakbo ng lipunan. Kung pantay ang turing sa lahat, walang aabuso sa karapatan at kapangyarihan. Wala ring mapag-iiwanan ng mga yaman at benepisyo na kadalasang sanhi ng krimen na malaking hadlang sa pagbabago at pag-unlad. Kaalinsabay nito, ang kaunlaran ng bansa ay maibabatay sa kakayahan nitong guminhawa ang pamumuhay mula sa kahirapan tungo sa kasarinlan ng bawat isa.

Isa pang katangian ng maunlad na bansa ay ang pagkakaroon ng angkop at sapat na serbisyong panlipunan. Liban sa edukasyon, pabahay,kalusugan seguridad, komunikasyon,at transportasyon, mahusay rin na makapagtalaga ang pamahalaan ng mga ahensiyang tutugon sa pangmabilisan at natatanging pangangailangan ng mga mamamayan sa isang takdang panahon. Maunlad ang bansa kung ang mga serbisyong ito ay naipapatupad at naipaaabot sa nakararaming bilang ng mamamayan.

Sa isang banda, itinataguyod ng mamamayan ang maunlad na lipunan sa pamamagitan ng iba’t-ibang gawain.

**Paglinang ng sariling katalinuhan at kakayahan.**

Katulad ng nabanggit na, binubuo ang lipunan ng mga indibiduwal.Makakabuting linangin ng bawat isa ang sariling galing at talento hindi lamang para sa sarili kundi para sa bayan.

**Pagiging produktibo.**Maging malikhain at maabilidad upang matustusan ang sariling pangangailangan at makatulong sa iba. Hindi kailangang humingi palagi ng awa,

mamalimos,o umasa sa iba upang makamit ang kasaganahan. Kung ang bawat isa ay marunong humanap ng sariling pagkakakitaan, magiging madali ang pag-unlad ng bayan.

**Pagmamahal sa bansa at kapuwa Pilipino.**Ang pagtutulungan ay susi sa kaunlaran. Kung ang bawat Pilipino ay susuporta sa isa't isa at hindi maglalamangan, magiging masagana ang ating bayan. Isa sa pinakakonkretong halimbawa nito ang pagtangkilik sa mga produktong Pilipino. Liban sa malaki ang maitutulong nito sa pagbawas sa kahirapan, nakapagbibigaykita at trabaho pa ito para sa ating mga kababayan.

**Pagtulong sa pagtigil ng katiwalian at maling gawain sa pamahalaan.**Pinamamahalaan at pinamumunuan ng mga kabilang sa pamahalaan ang kabang bayan, polisiya, at iba pang mga batayang serbisyo para sa bayan. Marapat lamang na tiyaking tapat at mahusay ang ating mga pinuno nang sa gayon ay magiging maayos ang takbo ng ating lipunan.

**Pagsunod sa mga batas.**Binuo ang mga batas upang pangalagaan ang ating kapakanan buhay, at ari-arian. Kung hindi igagalang ang batas, magugulo ang kaayusan sa ating bayan. Maging ang seguridad sa payapa at matiwasay na buhay ay maitataya. Marapat na sundin ito sa ikatatahimik, sagana, at maayos na paninirahan sa ating bayan.

**Pangangalaga sa kapaligiran at pamanang lahi.**Inihahandog ng kalikasan ang lahat ng batayang pangangailangan upang mabuhay ang tao. Marapat lamang na pangalagaan ito sa pamamagitan ng pagtitipid,pagpigil sa polusyon, paghihiwalay ng basura, at pagre-recycle. Ang ating pamanang lahi ay ating pagkakakilanlan at tayo ay tagataguyod ng pambansang dangal at kasaysayan. Marapat na kilalanin at ingatan ito hanggang sa susunod na mga salinlahi.

**Pag-iingat sa mga pampublikong gamit at lugar.**Pangalagaan ang mga gusali at impraestruktura tulad ng mga kalsada at tulay,paliparan,at ospital na galing sa pagsisikap sa trabaho at pagpupunyagi sa kabuhayan ng mga Pilipino.Bilang mga paraan sa pag-unlad ng ekonomiya at kabuhayan, pag-ingatan ang mga ito at iwasan ang maling paggamit at kapabayaan.



## *Pagyamanin*

Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang inyong sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang mga katangian ng isang maunlad na bansa?

2. Kailan natin masasabi na maunlad ang isang bansa?

3. Paano maitataguyod ng mamamayan ang kaunlaran ng bansa?

4. Magbigay ng mga paraan ng pagtataguyod ng kaunlaran ng bansa.

5. Bakit mahalaga ang bahaging ginagampanan ng mamamayan sa pag-unlad ng bansa?



## *Gawain*

**Panuto: Suriin ang mga pangungusap na nagsasaad ng pagiging maunlad ng isang bansa. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.**

1. May mga nakatapos sa pag-aaral na umalis ng bansa upang manilbihan sa ibang bansa.
2. Walang krimen na naitala sa loob ng isang buwan.
3. Hindi nakikinig sa Pangulo ng bansa at hindi sinusunod ang mga batas.
4. Naaabuso ang mga likas na yaman.
5. Maraming dayuhan ang dumadalaw at namumuhunan sa ating bansa.
6. Laganap ang rebelyon at krimen sa mga lalawigan.
7. Sapat at makatuwiran ang kinikita ng mga tao.
8. Masaya ang nakararaming mamamayan na nanunungkulan sa pamahalaan.
9. Ang mga 15 taong gulang na kabataan pababa ay pinagtatrabaho.
10. Marami ang bilang ng hindi nakababasa at nakasusulat.



## Isaisip

**Mga Konseptong Dapat Tandaan:**

1. Ang maunlad na bansa ay nangangahulugan ng pagkamit ng kasaganaan ng mga mamamayang bumubuo ng bansa.

2. Ang kaunlaran ay nakabatay rin sa panlipunang kagalingan tulad ng kalayaan ng mamamayang pumili at magpasiya para sa sarili, maabot ng mga batayang serbisyo, matamasa ang pagkakapantay-pantay, at maranasan ang katarungang panlipunan.

3. Ang mga ginagampanan ng mga mamamayan bilang bahagi ng lipunan ay mahalagang kontribusyon sa pag-unlad ng isang bansa.

4. Kinakailangang mapaunlad ng mamamayan ang kaniyang sarili upang maging kapaki-pakinabang na bahagi ng lipunan. Kailangang linangin ang sariling katalinuhan at kakayanan, maging produktibo, sumunod sa batas, bantayan ang katiwalian sa pamahalaan, pangangalagaan ang kalikasan, at ingatan ang mga pampublikong gamit at lugar.



## Tayahin

**Basahing mabuti at suriin ang mga bawat gawain na itinataguyod ng mamamayan ang maunlad na lipunan. Piliin ang iyong sagot sa kahon. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel**

A. Paglinang ng sariling Katalinuhan at Kakayahan.
B. Pagiging produktibo.
C. Pagmamahal sa bansa at kapuwa Pilipino.
D. Pagtulong sa pagtigil ng katiwalian at maling gawain sa pamahalaan.
E. Pagsunod sa mga batas.
F. Pangangalaga sa kapaligiran at pamanang lahi.
G. Pag-iingat sa mga pampublikong gamit at lugar.

1. Pinamumunuan ng mga kabilang sa pamahalaan ang kabang bayan,polisiya at iba pang mga batayang serbesiyo para sa bayan.

2. Maabilidad upang matustusan ang sariling pangangailangan at makatulong sa iba.

3. Linangin ng bawat isa ang sariling galing at talento hindi lamang sa sarili kundi para sa bayan.

4. Ang pagtutulungan ay susi sa kaunlaran.

5. Igagalang ang batas, walang gulo at maayos ang bayan.

6. Pangalagaan ang mga gusali at impraestruktura ng pamahalaan.

7. Paghihiwalay ng mga basura.

**Panuto: Basahin ang mga sumusunod na tanong.Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.**

8. Bakit mahalaga ang bahaging ginagampanan ng mamamayan sa pag-unlad ng bansa?

9. Paano maitataguyod ng mga mamamayan ang kaunlaran ng bansa?

10. Paano ka magiging produktibong mamamayan?



## *Karagdagang Gawain*

Umisip ng isang pahayag na nagpapakita ng pagtataguyod ng mamamayan sa kaunlaran ng bansa.Bumuo ng fish organizer kung saan nakasulat sa itaas na tinik kung paano ito maisasagawa. Sa ilalim naman isulat kung ano ang mga dapat  iwasan upang hindi maging hadlang sa kaunlaran ng bansa.

FISHBONE



Title:_____________ NAME:_________

## *Susi sa Pagwawasto*

BALIKAN
1. D
2. B
3. C
4.A
5. C

TUKLASIN
1.
NAGPAPAKITA NG KAUNLARAN
B, at C
hindi nagpapakita ng kaunlaran
A, at D
2. (iba-iba ang mga sagot ng mga bata)

GAWAIN
mga sagot:
4, 5, 7, 10

TAYAHIN
1. D
2. B
3. A
4. C
5. E
6. G
7. F
8-10(iba-iba ang sagot)

PAGYAMANIN
1,2,3,5 (iba-iba ang mga sagot ng mga bata

4. a. Paglinang ng sariling katalinuhan at kakayahan
   b. Pagiging produktibo
   c. Pagmamahal sa bansa at kapuwa Pilipino
   d. Pagtulong sa pagtigil ng katiwalian at maling gawain sa pamahalaan
   e. Pagsunod sa mga batas
   f. Pangangalaga sa kapaligiran at pamanang lahi
   g. Pag-iingat sa pampublikong gamit at lugar

KARAGDAGANG GAWAIN
(iba-iba ang mga sagot)

## *Sanggunian*


1. MELCs
2. Araling Panlipunan 4
   Kagamitan ng Mag-aaral
   Unang Edisyon 2015

3. Araling Panlipunan –Ikaapat na Baitang
   Patnubay ng Guro
   Unang Edisyon 2015
4. Google

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos, Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## My Final Farewell

Farewell, dear Fatherland, clime of the sun caress'd
Pearl of the Orient seas, our Eden lost!,
Gladly now I go to give thee this faded life's best,
And were it brighter, fresher, or more blest
Still would I give it thee, nor count the cost.

On the field of battle, 'mid the frenzy of fight,
Others have given their lives, without doubt or heed;
The place matters not-cypress or laurel or lily white,
Scaffold or open plain, combat or martyrdom's plight,
T is ever the same, to serve our home and country's need.

I die just when I see the dawn break,
Through the gloom of night, to herald the day;
And if color is lacking my blood thou shalt take,
Pour'd out at need for thy dear sake
To dye with its crimson the waking ray.

My dreams, when life first opened to me,
My dreams, when the hopes of youth beat high,
Were to see thy lov'd face, O gem of the Orient sea
From gloom and grief, from care and sorrow free;
No blush on thy brow, no tear in thine eye.

Dream of my life, my living and burning desire,
All hail ! cries the soul that is now to take flight;
All hail ! And sweet it is for thee to expire ;
To die for thy sake, that thou mayst aspire;
And sleep in thy bosom eternity's long night.

If over my grave some day thou seest grow,
In the grassy sod, a humble flower,
Draw it to thy lips and kiss my soul so,
While I may feel on my brow in the cold tomb below
The touch of thy tenderness, thy breath's warm power.

Let the moon beam over me soft and serene,
Let the dawn shed over me its radiant flashes,
Let the wind with sad lament over me keen ;
And if on my cross a bird should be seen,
Let it trill there its hymn of peace to my ashes.

Let the sun draw the vapors up to the sky,
And heavenward in purity bear my tardy protest
Let some kind soul o 'er my untimely fate sigh,
And in the still evening a prayer be lifted on high
From thee, 0 my country, that in God I may rest.

Pray for all those that hapless have died,
For all who have suffered the unmeasur'd pain;
For our mothers that bitterly their woes have cried,
For widows and orphans, for captives by torture tried
And then for thyself that redemption thou mayst gain

And when the dark night wraps the graveyard around
With only the dead in their vigil to see
Break not my repose or the mystery profound
And perchance thou mayst hear a sad hymn resound
'T is I, O my country, raising a song unto thee.

And even my grave is remembered no more
Unmark'd by never a cross nor a stone
Let the plow sweep through it, the spade turn it o'er
That my ashes may carpet earthly floor,
Before into nothingness at last they are blown.

Then will oblivion bring to me no care
As over thy vales and plains I sweep;
Throbbing and cleansed in thy space and air
With color and light, with song and lament I fare,
Ever repeating the faith that I keep.

My Fatherland ador'd, that sadness to my sorrow lends
Beloved Filipinas, hear now my last good-by!
I give thee all: parents and kindred and friends
For I go where no slave before the oppressor bends,
Where faith can never kill, and God reigns e'er on high!

Farewell to you all, from my soul torn away,
Friends of my childhood in the home dispossessed!
Give thanks that I rest from the wearisome day!
Farewell to thee, too, sweet friend that lightened my way;
Beloved creatures all, farewell! In death there is rest!

## I Am a Filipino, by Carlos P. Romulo

I am a Filipino–inheritor of a glorious past, hostage to the uncertain future. As such I must prove equal to a two-fold task–the task of meeting my responsibility to the past, and the task of performing my obligation to the future.

I sprung from a hardy race, child many generations removed of ancient Malayan pioneers. Across the centuries the memory comes rushing back to me: of brown-skinned men putting out to sea in ships that were as frail as their hearts were stout. Over the sea I see them come, borne upon the billowing wave and the whistling wind, carried upon the mighty swell of hope–hope in the free abundance of new land that was to be their home and their children's forever.

I am a Filipino. In my blood runs the immortal seed of heroes–seed that flowered down the centuries in deeds of courage and defiance. In my veins yet pulses the same hot blood that sent Lapulapu to battle against the first invader of this land, that nerved Lakandula in the combat against the alien foe, that drove Diego Silang and Dagohoy into rebellion against the foreign oppressor.

The seed I bear within me is an immortal seed. It is the mark of my manhood, the symbol of dignity as a human being. Like the seeds that were once buried in the tomb of Tutankhamen many thousand years ago, it shall grow and flower and bear fruit again. It is the insignia of my race, and my generation is but a stage in the unending search of my people for freedom and happiness.

I am a Filipino, child of the marriage of the East and the West. The East, with its languor and mysticism, its passivity and endurance, was my mother, and my sire was the West that came thundering across the seas with the Cross and Sword and the Machine. I am of the East, an eager participant in its spirit, and in its struggles for liberation from the imperialist yoke. But I also know that the East must awake from its centuried sleep, shake off the lethargy that has bound his limbs, and start moving where destiny awaits.

I am a Filipino, and this is my inheritance. What pledge shall I give that I may prove worthy of my inheritance? I shall give the pledge that has come ringing down the corridors of the centuries, and it shall be compounded of the joyous cries of my Malayan forebears when first they saw the contours of this land loom before their eyes, of the battle cries that have resounded in every field of combat from Mactan to Tirad Pass, of the voices of my people when they sing:

"I am a Filipino born to freedom, and I shall not rest until freedom shall have been added unto my inheritance—for myself and my children and my children's children—forever."